Lungsod at County ng San Francisco
Kagawaran ng Pulisya ng San Francisco

# TIPS SA KALIGTASAN SA CYBER

## Manatiling ligtas online at sa tahanan

- Gumamit ng passphrase na pinapalitan ang mga letra ng mga numero at espesyal na titik (MyB$stChildh00dFr1endIsJ0nh).
- Limitahan ang personal na impormasyong ibinabahagi mo online—sa halip ay tumawag para ibahagi ang numero ng Social Security o iba pang sensitibong impormasyon.
- Gumamit ng two-factor authentication para sa lahat ng mahahalagang account, pagbabangko, email, at iba pa.
- Hanapin ang mga setting sa pagkapribado sa social media.
- Gumamit ng libreng antivirus na nasa iyong computer at regular na i-update ito.

## Tips para sa mga bata habang naka-online

- Huwag na huwag makikipagtagpo sa isang online na kaibigan.
- Huwag na huwag ibibigay ang iyong email address online.
- Huwag na huwag ibabahagi ang password mo kahit kanino.
- Kapag online, maging responsable at etikal.
- Hindi kailanman dapat magamit ang internet para makipagtsismisan, mam-bully, o manakot.

## Manatiling ligtas kapag gumagawa sa labas

- Karamihan sa libreng wi-fi ay hindi ligtas. Iwasan ito kapag nag-o-online banking o namimili.
- Laging mag-log out sa mga pampublikong computer.
- Siguraduhing ligtas ang mga website na binibisita mo - hanapin ang lock.
- Panatilihing pribado ang personal na impormasyon.

## Manatiling ligtas gamit ang mobile device

- Laging i-enable ang mga awtomatikong update.
- Gamitin lamang ang mga opisyal na app store: Apple App Store at Google Play Store.
- Mag-ingat sa kung ano ang ipino-post mo sa Social Media.
- Huwag na huwag iiwan ang iyong mobile device nang walang nakabantay sa isang pampublikong lugar.

## Iwasan ang mga online scam

- Iwasan ang anumang mga alok sa email na parang mahirap paniwalaan.
- Huwag sagutin ang email na mula sa mga hindi kilala o kakaibang address.

## Mag-file ng report

- Tumugon sa isa sa 10 Istasyon ng Distrito ng Pulisya ng San Francisco
- Tawagan ang Hindi Pang-emerhensyang Numero ng SFPD (415) 553-0123 https://www.sanfranciscopolice.org/get-service/police-reports/file-police-report